

# PROLOGUE

Isang binatilyo mula sa kaharian ng Galathar West ang malayang bumabaybay sa kahabaan ng baybayin ng dagat ng Agglethorpe. Mapayapa na ang asul na dagat pagkatapos ng nagdaang bagyo. Naaaninag ang liwanag ng araw sa banayad na alon at lumilikha ng animo mumunting bituin sa tubig.

Huminto ang binatilyo at sandaling tumingin sa malayo. Nakangiting sinamyo nito ang amoy ng dagat at tiningala ang langit. Isa siyang malusog na labinlimang taong gulang, matipuno ang pangangatawan at puno ng buhay. Pangarap niyang mapabilang sa magiting na sandatahan ng kaharian nila kapag dumating na siya sa takdang gulang.

Nang muling sulyapan ng binatilyo ang dagat ay may napansin siya. Isang boteng kristal ang nilalaro ng alon. Malapit lang iyon sa dalampasigan. Dahil likas ang kuryosidad, tinalon niya ang tubig upang kunin ang bote.

Lumangoy siya pabalik sa baybay para tingnan ang nadiskubre niya. Hindi iyon isang karaniwang bote. Para iyong isang mahabang hexagonal prism na may kakaibang selyo sa isang dulo. Magaan

iyon. Sinubukan niyang alugin ngunit wala siyang naramdamang umaalog sa loob.

“Wala naman palang laman,” aniyang puno ng pagkabigo ang tinig.

Ibabato na sana niya iyon pabalik sa dagat nang may mapansin siyang parang itim na usok na biglang gumalaw sa loob. Kunot-noong sinipat niya uli ang prism.

Hayun na naman. Sa pagkakataong iyon, nakarinig na rin siya ng tila huni na nagmumula sa loob.

Sa takot ay nabitiwan niya ang hawak. Tatakbo na sana siya palayo, pero hindi niya nagawang ikilos ang mga paa. Tila siya tinatawag ng bote. At masyadong malakas ang hatak niyon. Wala sa sariling muli niya iyong dinampot.

Hindi rin ordinaryo ang seal na nakatapon dito. Yari iyon sa lonsdaleite, isang mahalagang bato na sa pagkakaalam niya ay namimina lang sa kabundukan ng Thyrian North.

Sinubukan niyang hugutin iyon ngunit ni hindi iyon gumalaw. Naghanap siya ng maaaring magamit para maalis iyon ngunit wala siyang makita. Inisip niya iuwi na lamang ang bagay na iyon. Pero nilulunod

na siya ng kuryosidad. Parang may nagbubulong sa kanyang buksan na ang prism... sa oras ding iyon.

Nakakita ang binatilyo ng isang bato. Kung hindi niya matatanggal ang tapon, puwes, babasagin na lang niya. Sa unang bagsak ng bato ay ni hindi man lang nagkalamat ang prism. Inulit pa niya ang ginawa. Sa ikatlong subok ay di-sinasadyang natamaan ng matalas na dulo ng bato ang isa niyang daliri. Umagos ang dugo mula roon at pumatak sa prism. The object hummed and vibrated on its own.

Nanlalaki ang mga matang pagapang na lumayo ang binatilyo. Parang salamin na nadurog ang prism at mula roon ay sumingaw ang itim na usok.

Nabuo sa harap niya ang usok at unti-unting naghugis tao. At sa kanyang namimilog na mga mata, lumitaw ang isang magandang babae.

*“Lunehd! Malaya na ako!”*

Humalakhak ito; tunog na magpapatayo ng balahibo ng sinumang makaririnig. But the young man only watched, unnerved and obviously entranced by her enchanting charm. Mistula itong nilukuban ng isang mysteryosong sumpa.

Lumingon ang magandang babae sa gawi niya. “Ikaw ba ang nagpalaya sa akin?”

Tumango lang siya. Nanatili siyang nakatayo at hindi kumikilos.

Ngumiti nang pagkatamis-tamis ang babae. She may looked innocent at first glance, but her eyes had that menacing gleam.

“Kung gayon, marapat lang kitang bigyan ng isang pabuya.”

Napalunok ang binatilyo. Humagod sa katawan ng babae ang mga mata niya. Para lang itong isang aparisyon. Maliban sa mukha ay tagus-tagusan ang tingin niya rito. Nakikita niya kung ano ang nasa likod niyon. But it didn't matter if she was a strange being.

She floated toward him. Iyon pa ang isang nakapagtataka. Wala itong saplot, pero hindi niya makita ang mga paa nito. Natatakpan kaya iyon ng itim na usok, o wala lang talaga itong paa?

Ngunit ang lahat ng pangamba ay nabura sa kanyang isip nang hawakan nito ang kanyang mukha. Unti-unting bumaba sa kanyang mga labi ang mga labi nito. Sing-lamig ng yelo ang pakiramdam ng mga iyon! Pero kahit pa! Unang halik niya iyon.

Napapikit pa ang binatilyo na sarap na sarap. Hanggang sa bigla na lang itong mapadilat. Umungol ito at nagpumiglas ngunit hindi na magawang

makawala sa animo bakal na pagkakahawak ng babae.

Hanggang sa unti-unting humumpak ang mukha at katawan na animo hinihigop ng babae ang buhay na taglay nito. Until his loud groan became silent whimpers of pain, his struggle like epileptic seizures.

Kasabay ng pagkatuyot ng katawan ng binatilyo ay ang tuluyang pagkabuo ng katawan ng babae. Nang hindi na kumikilos ang pobre ay saka lang ito pinakawalan ng babae. Halos kalansay na itong bumagsak sa buhangin, malayung-malayo sa dating hitsura nito.

Muling humalakhak ang babae habang pinagmamasdan ang kawawang biktima. Walang awang mababanaag sa mukha nito. At kasabay ng pagtalikod nito at paglayo ay ang pag-ihip ng malakas na hangin.

Ang kalansay ng binatilyo ay animo buhangin lang na tinangay ng hangin. Wala itong iniwang bakas maliban sa suot nitong damit.

# 1

Sinipat ni Heneral Cayden ang unahan ng pila ng mga kawal na kasama nila. Patungo sila sa Galathar West, kung saan nakatakda nilang saksihan ang pakikipag-isang dibdib ni Haring Glad.

Nang masigurong walang panganib sa kanilang daraanan ay iginiya niya ang kabayong si Arion pabalik sa kinaroroonan ng kanilang hari, si Haring Crion.

“*Bahez, Cayden!*” natatawang saway sa kanya ng hari. Gamit nito ang katutubong salita ng Aschelon, ang Oledanic. “Masyado kang nag-aalala,” biro pa nito sa kanya.

He snorted. Hindi na lamang niya sinabi rito na hindi maganda ang kanyang pakiramdam. His instinct told him something was about to go wrong. Hindi niya kayang balewalain ang kaba sa kanyang dibdib.

“Nag-iingat lang ako, Kamahalan.”

Tinapik nito ang balikat niya.

“*Huyan if!* Mapayapa na ang Aschelon, kaibigan.

Tapos na ang panahon ng digmaan.”

Sang-ayon siya rito. Matapos ang digmaan sa pagitan ng apat na kaharian na naganap sandaang taon na ang nakakaraan at tumagal nang halos limang taon, nagkasundo ang mga namumuno, sa pangunguna ni Haring Croesus na ninuno ni Haring Crion, na magtakda ng isang mapayapang kasunduan. At magmula nga noon ay naging payapa na ang kaharian ng Aschelon.

Ngunit hindi rin naman ibig sabihin na porke wala nang panganib ay ibababa na nila ang kanilang depensa.

Ayon sa mga kuwento, dati naman daw magkakasundo ang mga sinaunang lahi ng Aschelonians. Ngunit sa isang di-maipaliwanag na dahilan ay nag-away-away ang mga ito, na siya ngang naging sanhi ng digmaan na tumagal nang halos limang taon.

Kapwa sila napalingon sa karwahe ng mahal na reyna nang marinig mula roon ang pag-iyak ng isang sanggol.

Nagkatinginan sila at kapwa napangiti.

“Mukhang gising na ang prinsesa,” aniya.

Malapad na ngumisi ang hari. “Hindi ka ba naiinggit sa akin, Cayden?”

Napasulyap siya rito.

“Nasa tamang gulang ka na para pumili ng iyong magiging kabiyak. At napakaraming babae sa ating kaharian na nagkakandarapa sa atensyon mo.”

Makahulugan siyang ngumiti. “Wala pa sa isip ko ang paglagay sa tahimik. Isa pa, masarap ang buhay-binata,” nakangising saad niya. Hindi siya nangangambang kausapin nang ganito kapersonal ang kanilang hari. Dahil bukod sa hindi nagkakalayo ang mga edad nila, matalik din silang magkaibigan. Malaki ang utang na loob nito sa kanyang ama na dating may hawak ng posisyon niya ngayon.

Muli nilang narinig ang mga tinig na naglalaro sa loob ng karwahe.

“Higit na masarap ang buhay may-asawa, Cayden. Maniwala ka sa akin.”

Nalukot ang guwapo niyang mukha. Humalakhak ang hari at matapos siyang bigyan ng isang tapik sa balikat, iginiya nito ang sinasakyang kabayo papunta naman sa karwahe ng mahal na reyna.

Kinatok nito ang gawi ng pinto at nahawi ang

makapal na kurtinang tumatakip sa salamin. Ang nakangiting mukha ni Reyna Rowena na kalong si Prinsesa Rhoswen ang bumungad sa hari.

Kitang-kita ni Cayden ang pagkislap ng mga mata ng kanilang hari. Masayang-masaya ito. A certain longing embraced him. Ngunit bago pa siya malunod sa inggit ay itinuon na niya ang pansin sa kanyang hukbo. Mahirap na't baka bigla na lang siyang magdesisyon na sundin ang suhestyon ng mahal na hari. Hindi pa siya sawa sa buhay-binata. Hindi pa niya natatagpuan ang babaeng nanaisin niyang makasama habang-buhay.

Nang tawirin nila ang malawak na tulay na nagdurugtong sa Thyrian North at sa unang nayon na sakop ng Galathar West ay naging alerto na si Cayden. Hindi talaga maganda ang pakiramdam niya kahit hindi niya kinakitaan ng poot ang mga Galatharians. Mainit naman ang naging pagtanggap sa kanila. May mangilan-ngilang kababaihan din siyang natanaw na nakatingin sa kanya, halatang nabighani sa kanyang matikas na anyo.

Napangiti siya at napailing.

Naroon na ang delegado ng dalawa pang kaharian nang marating nila ang Gladstone Castle, ang tahanan ni Haring Glad. Masaya ang buong paligid.

Halatang ipinagbubunyi rin ng mga Galatharians ang pagkakaroon nila ng bagong reyna.

Ang dating reyna ay namatay sa panganganak, at kasama rin nitong namatay ang prinsipeng isinilang nito. Isang buong taon iyon na ipinagluksa ng buong Aschelon.

Nang marating nila ang kastilyo, pinahinto na ang grupo nila sa paligid. Hindi kasing-engrande ng sa Croesus ang bulwagan ng Gladstone Castle, pero siyempre ay sinarili na lamang niya ang opinyong iyon. Kaagapay ng hari at reyna, nagbigay-pugay sila kay Haring Glad at sa bagong reyna na ipinakilala nitong si Reyna Lucinda.

Napasulyap siya sa bagong reyna. Kahit saang anggulo ay wala siyang maipintas dito. Napakaganda nito, higit pang maganda sa kanilang reyna. Hindi na nakapagtataka kung bakit naakit kaagad dito ang hari.

Animo mga hibla ng ginto ang mahabang buhok nito. Ang mga labi nito ay sing-pula ng rosas, ang kutis ay sing-puti ng niyebe. Mukha itong inosente.

Hanggang sa mapatitig siya sa mga mata ng babae.

Parang may isang kamay na biglang pumiga sa

puso niya, dahilan para mahirapan siyang huminga nang may ilang segundo. Tila napunta sa kanyang tainga ang lahat ng dugo niya, at ang noo niya ay biglang napuno ng pawis.

Ano ang nangyayari sa kanya?

Ngayon lamang niya naramdaman ang ganitong pakiramdam, iyong parang sasabog ang puso niya sa kaba. At hindi lamang iyon simpleng kaba kundi matinding takot.

Kung para saan ay hindi niya alam.

Nangyari iyon sa loob lamang ng ilang segundo, wala pa ngang isang minuto. Pero pakiramdam ni Cayden ay tila habang-buhay siyang nabilanggo sa ganoong emosyon.

Muli siyang sumulyap sa reyna. At muli ay nagtama ang mga mata nila ngunit walang nangyari. Naging normal na ang pakiramdam niya, gayundin ang ang hitsura ng reyna. Hindi katulad kanina na ang tingin niya ay nanlilisik ang pulang mga mata nito. Sa katunayan ay berde pala ang kulay ng mga iyon, pansin niya.

Naipilig ni Cayden ang ulo. Ano bang masamang espirito ang sumapi sa kanya?

“Mukhang may dinaramdam ka...”

Tinig iyon ng reyna. Nakatayo na ito sa harapan niya. Paano itong nakalapit nang hindi niya namamalayan? Kanina lang ay kausap nito ang hari!

Hindi na niya nagawang mag-isip ng posibilidad. Kailangan niyang magbigay-galang.

“Ikaw pala, Reyna Lucinda...” Lumuhod siya at yumuko bilang paggalang. Isang dampi sa balikat ang naging hudyat upang siya ay tumayo.

“Maraming naikuwento si Haring Crion tungkol sa 'yo.”

Sa lahat naman ng lugar, sa harap pa ng reyna siya namula. Lalo na nang hagurin ng mata nito nang walang kahiya-hiya ang kabuuan niya.

Hindi banyaga sa kanya ang ganoong uri ng tingin. Hindi sa pagyayabang, ganoong klase ng titig ang ibinibigay sa kanya ng mga babaeng nagnanais mapalapit sa kanya.

Napatikhim si Cayden. Hindi na siya komportable sa sitwasyon. Huwag naman sanang pati ito ay maakit sa kanya. Hindi niya gustong magsimula ng panibagong digmaan sa pagitan ng kanilang kaharian. Na tiyak niyang siyang mangyayari oras na mahalata

silang Haring Glad.

“Paumanhin, mahal na reyna. Ngunit kailangan kong tingnan ang aking mga tauhan.” Bahagya na siyang yumukod bilang pamamaalam. Tumalikod na siya at hindi na nilingon pang muli ang babae kaya hindi niya nakita ang pagbabago ng kulay ng mga mata nito.

Naging sing-pula na iyon ng dugo.

## 2

“*Kum med, Ledab!*” bati ni Neala sa ama na abala sa pinapanday na espada.

“Neala!”

Itinubog nitong muli ang piraso ng bakal sa nagbabagang pugon, bago siya niyakap at hinalikan sa noo.

“Kumusta ang aking mahal na prinsesa?” anito.

Nanulis ang kanyang nguso.

“Hmp! Ama, may prinsesa bang naglalam paso ng sahi, nag-aalis ng alikabok at naghuhugas ng pinggan?”

Malakas ang naging halakhak nito.

Natutuwang pinagmasdan niya ang ama. Kunwari lang naman na nagrereklamo siya, pero ang totoo ay masaya siyang maging katulong sa palasyo ni Haring Crion. At batid iyon ng ama. Bukod kasi sa nakapaglilingkod siya sa mabait nilang hari, araw-araw pa niyang nakikita ang secret love niya.

*Heneral Cayden...* She almost swooned in front

of her father.

“Kanino ang mga espadang ginagawa mo, Ama?”  
aniyang inginuso ang mga espadang natapos na at nakatayo sa istante.

“Ipinagawa ni Heneral Cayden.”

Nangunot ang kanyang noo. Walang digmaan kaya imposibleng naubusan ng laman ang taguan ng armas. At hindi rin niya nakikitang kailangan ng kanilang hukbo ng mga bagong sandata. May nangyayari bang hindi alam ng mga mamamayan?

“Bakit daw po?”

Nagkibit-balikat ang matanda at ipinagpatuloy ang ginagawa. Hinugot nito ang nagbabagang bakal at ipinatong sa palihan. Gamit ang maso, hinulma nito ang espada ayon sa tamang anyo.

“Wala siyang sinabi. At wala naman akong karapatang magtanong.”

*Hmm...* Bahagyang tumaas ang kilay niya.

“Hindi naman kailangang may dahilan para maging handa sa lahat ng oras. Kilala mo naman ang heneral.”

Kunsabagay, si Heneral Cayden ay laging

naninigurado. Lalo't kapakanan ng buong kaharian ang nakasalalay sa mga kamay nito. Kahit sa mga panahon ng kapayapaan, lagi pa rin itong alerto. At alaga nito ang hukbo ng kaharian. Kaya naman mataas ang respeto rito hindi lamang ng mahal na hari, kundi pati na rin ng isang ordinaryong sundalo. Malaki rin ang paghanga rito ng mga karaniwang mamamayan.

Matapang at marangal si Heneral Cayden... isang lalaking may prinsipyo.

Kaya naman hindi lang paghanga ang nararamdaman niya para sa binata. Sa katunayan, mahal na niya ito.

“Yamang narito ka na rin lang, baka naman puwedeng ipagluto mo ako ng pananghalian,” paglalambing ng ama.

“Kaya mahal na mahal n’yo ako, eh! Palagi n’yo akong nauuto,” natatawang biro niya.

Tinawanan lang siya nito at kinindatan pa.

Napapailing na iniwan na niya ito at pumasok sa kanilang maliit na dampa.

Humuhuni pa si Neala habang iniluluto ang paboritong sopas ng ama. Sa kanyang isip ay si

Cayden ang ipinagluluto niya, na anumang oras ay papasok ito upang batiin siya at hagkan.

Kinikilig na isinalang ni Neala ang kaldero sa ibabaw ng apoy. Maaaring nasisira na ang ulo niya. Dahil pinagpapantasyahan niya ang isang taong napakalaki ng agwat sa kanya. Isa itong maharlika samantalang siya ay isang utusan lamang.

Malalim siyang napabuntong-hininga. Hindi niya minsan man kinuwestyon ang mga *Muard* kung bakit nilikha siyang mahirap. Kuntento siya sa kung anuman ang buhay na ipinagkaloob sa kanya. Lumaki siyang masaya sa piling ng kanyang pamilya.

Ngunit sa tuwing nakikita niya si Cayden, hindi niya maiwasang humiling. Na sana ay may dugong bughaw rin siya. Na sana ay katulad siya ng mga alalay ng reyna. Para naman hindi nakakahiyang lumapit sa isang tulad nito.

Ngunit hindi iyon ang kanyang realidad. Anak siya ng isang hamak na panday. Kaya hanggang tingin na lang ang puwede niyang magawa. Hanggang sa pantasya na lang niya maipararamdam ang pagtingin sa binata. At malamang sa hindi, babaunin na niya hanggang sa hukay ang lihim niyang pagsinta sa magiting na heneral.

Sa gitna ng pag-iinarte ay naluto naman niya nang maayos ang pananghalian nila. Hustong naihanda niya ang hapag nang pumasok ang kanyang ama. Sa kanyang pagkagulat ay hindi ito nag-iisa.

Si Heneral Cayden!

Hindi siya magkandatuto sa pagbibigay-galang.

---

*“Kum med, Kamahalan!”*

Kahit nakakunot ang noo, hindi mapigilan ni Cayden ang mapangiti pagkakita sa dalagang nasa harapan niya. Bago ito tumungo ay nahuli pa niya ang pamumula ng magkabilang pisngi nito.

*“Kum med.”*

*“Siya ang kaisa-isa kong anak, Cayden. Si Neala.”*

*“Neala,”* ulit niya. May hatid na kakaibang lambing sa kanya ang pangalan nito. *“Nuca ro ter du.* Ikinagagalak kitang makilala.”

Inilahad niya ang kanang kamay, hudyat upang iabot din nito ang isang kamay para mahalikan niya. Ngunit sa kanyang pagkagulat ay nanatili lang itong nakatungo.

*“Paumanhin, ngunit hindi ako karapat-dapat*

para tanggapin ang kamay mo.”

Nagsalubong ang mga kilay niya. “At bakit naman?”

Saglit siya nitong tiningnan bago muling tumungo. “I-isa lamang po akong alipin sa palasyo.”

Sa ibang pagkakataon ay tatanggapin niya ang rason nito. Hindi pa nangyayaring nakaharap niya ang isang alipin. Sa loob ng palasyo ay may tiyak lang na lugar na maaaring puntahan ng mga ito. Kadalasan ay mga abay at opisyal sa palasyo ang nakakasalamuha niya.

Ngunit kaiba ngayon dahil inimbita siya sa loob ng tahanan. At isang kabastusan para sa kanya ang hindi pagbibigay-galang sa may-ari dahil lang mas nakatataas ang estado niya.

Humakbang siya palapit at walang babalang kinuha ang isang kamay ng babae. Agad niyang dinampian ng labi ang likod ng palad ng dalaga. At sa halip na makadama ng pagkadiri dahil naiwan pa sa kamay nito ang amoy ng mga herbs na ginayat nito, nagsilbing panghikayat pa iyon na tikman niya ang masarap na nitong niluto.

Nang tumitig siya sa mukha ng dalaga ay sandali siyang natulala.

Almond-shaped eyes in the deepest of blue stared back at him. Likas na nakaarko ang mga kilay nito at malalantik ang pilikmata. Matangos ang ilong ng babae at ang mga labi ay likas ang pagkapula. Her light brown skin made her look exotic. Ang mahaba at kulot nitong buhok ay kulay kastanyas. Sa taas niyang anim na talampakan ay umabot lamang ito sa may balikat niya. She was all feminine despite her boyish garb. Pupusta siyang maganda rin ang hubog ng katawang itinatago ng maluwang na pang-itaas at pantalon na suot nito.

“Isa ka ’ka mong alipin sa palasyo?”

Nahihiya itong tumango. “Isang kamarera, Heneral Cayden.”

Hindi niya alam kung saan galing ang tila kilig na naramdaman niya nang bigkasin nito ang kanyang pangalan.

“Hindi ko alam na may maganda palang kamarera na nagtatago sa loob ng palasyo,” aniya na labis na ikinapula ng kaharap.

“Ikaw ba ang nagluto ng mga ito?” tukoy ni Cayden sa pagkaing nasa hapag.

Inimbita siya ni Zalos na sumalo sa pananghalian at nagpaunlak siya.

“S-simpleng sopas at tinapay lamang ang pananghalian namin. K-kung makakapaghintay kayo—”

“Hindi na kailangan. Sapat na ang mga pagkaing ito. At hindi naman ako mapili, Neala.”

Naaliw siya talagang titigan ang paglalim ng pamumula ng babae. Tipid itong ngumiti bago nahihiyang sumulyap sa kanya.

“*Ted U?*” paghingi niya ng permiso.

“*Yur, Heneral Cayden!*” ani Zalos na pinaupo na siya. Naupo na rin ang dalawa. Pinagsaluhan nila ang sopas at tinapay na bagaman payak kung ituturing sa nakagawian niyang kainin, pakiramdam niya ay iyon na ang pinakamasarap na putaheng kanyang natikman sa buong buhay niya.

At lalo pa iyong pinasarap dahil sa magandang tanawin na nasa kanyang harapan. Kasabay ng paghigop niya ng mainit na sabaw ay ang pakiramdam na hinihigop din siya ng malakas na dating ng dalaga.

“Maraming salamat sa pagpapaunlak mo sa amin, Heneral Cayden,” ani Zalos nang magpaalam na siya.

“Ako ang dapat magpasalamat. Masarap ang

niluto ni Neala at talagang nabusog ako.” Pasimple siyang sumulyap sa dalaga. Mas nakita kaysa sa narinig niya ang pagsinghap nito. Her eyelashes fluttered unconsciously, and her lips curved into a faint smile.

“Hindi ka pa ba babalik sa palasyo?” tanong niya rito. “Sumabay ka na sa akin kung gusto mo.”

“H-ha?” Namilog ang mga mata ng babae; hindi alam kung mahihiya o magagalak doon. Sumulyap ito sa ama na waring humihingi ng permiso.

Nakakaunawa namang tumango ang matandang lalaki. “Sige na, Neala. Ako na ang bahala dito.”

Malapad ang naging ngiti ng dalaga. Niyakap nito ang ama. “Paalam, Ama! *U hova du!*” dugtong nito, na ang ibig sabihin ay ‘*mahal kita*’.

“Mag-iingat ka.”

Nang sumulyap sa kanya si Zalos ay bahagya siyang yumukod bilang pasasalamat.

---

Kulang ang sabihing dumadagundong ang puso ni Neala sa tindi ng kaba. Ayaw niyang masyadong lumapit kay Heneral Cayden dahil baka marinig nito ang malakas na pagkabog ng kanyang puso. At hindi

nalalayong pagtawanan siya nito kapag nangyari iyon.

Ngayon lang nangyari ito sa kanya. Sa pambihirang pagkakataon ay makakasabay niyang maglakad pabalik ng palasyo ang lalaking lihim niyang minamahal.

“Marunong kang sumakay ng kabayo?”

“K-kabayo?”

Napalunok siya. Nilakad lang niya ang mula sa palasyo hanggang sa bahay nila. Kahit marunong siyang mangabayo, wala siya niyon para magamit. At hindi rin niya puwedeng hiram ang isa sa mga kabayo sa kuwadra ng palasyo.

Ibig bang sabihin...?

Napanganga siya nang makita si Arion na nakatali sa isa sa mga kahoy na poste malapit sa pandayan.

“Sakay na. Aalalayan kita.”

Ilang segundo ring nakatulala lang si Neala. Kung hindi pa ikiniling ni Cayden ang ulo ay hindi pa siya makakakilos. Nanginginig ang mga kamay na humawak siya sa sintadera, pero bago pa niya maitapak ang isang paa sa estribo ay walang kahirap-hirap na siyang naiangat ng binata. His hands on her

waist felt like the forged swords her father hammered.

Hindi niya inasahang tatagos sa makapal na sinturo ng pantalon niya ang init ng palad nito. Nanghina ang mga tuhod niya. Mabuti na lamang at wala na siya sa lupa.

Lalo pa siyang nahirapang huminga nang pumuwesto ito sa likuran niya. At dahil hawak nito ang renda, mistula siyang yakap nito mula sa likuran.

Pakiramdam ni Neala ay tuyung-tuyo ang lalamunan niya. Kung may sakit lang siya sa puso, baka inatake na siya sa sobrang kaba.

Kalahating oras na lakarin mula sa kanila hanggang sa palasyo. Ngayong nakasakay sila sa kabayo, baka wala pang sampung minuto ay naroon na sila. Ngunit mukhang walang balak si Cayden na makarating kaagad ng palasyo. Mabagal lang silang nagbiyahe kahit pa nakasakay sila.

“Ilang taon ka nang nagtatrabaho sa palasyo?” narinig niyang tanong nito. His breath fanned her neck, tickling the sensitive spot behind her ear.

“D-dalawang taon pa lang po.”

Nahihiya siyang mag-angat ng ulo. Paano, pinagtitinginan sila ng bawat madaanan nila. Kilala

ang binata bilang heneral ng hukbo ng hari. At kilala rin siyang isang ordinaryong mamamayan lamang. Kahit walang batas sa kaharian nila na nagbabawal na magsama ang isang dugong bughaw at ordinaryong tao, nakakahiya pa rin.

Narinig niya ang mahinang tawa ng binatang kasama. Bigla niya itong nilingon. Hindi niya alam na masyado palang malapit ang mukha nito sa kanya at muntik nang magkadikit ang kanilang mga labi dahil sa kanyang ginawa. Natataranta siyang napasandal. Nakalimutan niya na sa kabayo siya nakaupo. Kung hindi lang naging maagap si Cayden na yakapin siya sa baywang ay baka tuluyan na siyang nahulog sa kabayo.

“*Bahez!* Masyado kang ninenerbyos. Hindi naman kita gagawan ng masama,” pabirong sabi nito. Sa muling pagsulyap niya sa binata ay nahuli niya ang pilyong kislap sa mga mata nito.

“Bakit mo kasi ako pinagtatawanan?” aniyang hindi na mapigil ang magtaray. Iyon lang ang kaya niyang gawin upang pagtakpan ang pagkapahiya.

“Daig mo pa kasi ang nasukol na hayop. Nanginginig ka, alam mo ba?”

Napalunok si Neala. Pero totoo! Nanginginig nga

ultimo kaliit-liitang himaymay ng kanyang katawan.

“At puwede bang huwag mo na akong po-in? Sa tingin ko, hindi naman nagkakalayo ang edad natin. Hindi pa ako matanda,” natatawang dugtong pa nito.

Beinte-uno siya. At sa pagkakaalam niya ay beinte-ocho ang binata. Ito ang pinakabatang naging heneral ng kanilang hukbo. Ito rin ang pinakaguwapo at pinakamatikas.

“Natatakot ka ba sa akin, Neala?”

“H-hindi. W-wala namang dahilan para matakot ako sa 'yo.”

“Tama ka.” Hindi na nito dinugtungan pa ang sinabi.

Ngunit pakiramdam niya ay kailangan niyang magpaliwanag. “Pero hindi rin tamang kausapin kita na parang isa ka lang ordinaryong mamamayan. Ang isang katulad mo’y marapat lang na igalang.”

“Hindi porke isa akong heneral ng hukbo ay dapat mo na akong ilagay sa pedestal. Isa lang din akong karaniwang mamamayan ng Thyrian, Neala. Hindi ako diyos,” seryoso nitong turan.

Sasagot pa sana siya, pero pinitik na nito ang renda. Nagmabilis ang kabayo kaya napahawak na

*Brave Spirit - Doreen Laroya*

---

lang siya sa sintadera. Hindi siya natatakot mahulog. Alam naman niyang nakaalalay sa kanya ang binata. Hindi siya pababayaang nito.

Kahit pa sigurado siyang nasaktan niya ang damdamin ng binata dahil sa kanyang sinabi.

# 3

Pagdating sa bakuran ng palasyo ay ibinaba lang si Neala malapit sa pasukan ng mga alipin sa likod. Nagpaalam na si Cayden at dumerecho na patungo sa pribadong tirahan nito.

Kung kanina ay halos sumabog ang dibdib niya dahil sa kilig, pakiramdam naman niya ngayon ay nalaglag ang puso niya sa lupa dahil sa lungkot.

Hindi man sinasadya, alam niyang nainsulto niya ang binata.

*Hay, Neala! Pagkakataon mo na, sinayang mo pa.*

Nanubig ang kanyang mga mata. Ngunit bago pa malaglag ang kanyang luha ay marahas na niya iyong pinahid ng likod ng kanyang palad. Walang dahilan para iyakan niya ang isang lalaking hindi naman kailanman posibleng maging kanya.

---

Hanggang sa makapasok sa kanyang pribadong tirahan ay nasa isip pa rin ni Cayden si Neala. Hindi niya ito maintindihan nang lubos. Ang ibang mga babae, mapa-maharlika man o karaniwan, ay hindi

magdadalawang-isip na lumuhod sa harapan niya mapalapit lamang sa kanya.

Ngunit si Neala ay tigas ang pag-iwas. At kahit siya na ang naunang mag-alok ng pakikipagkaibigan, pino ang ginawa nitong pagtangga.

Agad siyang nilapitan ng isa sa kanyang tauhan upang tulungan siyang maghubad ng kanyang uniporme. Isang kamarera ang lumapit at sinabing handa na ang kanyang paliguan.

Pumasok siya sa kanyang paliguan at lumublob sa banyerang yari sa bato at puno ng maligamgam na tubig. Naibsan ang tensyon sa kanyang katawan. Pagod na inihilig niya ang ulo sa gilid niyon.

Tila aparisyon na nagpakita sa kanyang gunita ang magandang mukha ni Neala. Napangiti siya sa muling pagkaalala sa dalaga.

Mahiyain ito, pero alam niyang may itinatago itong tapang. Ramdam niya iyon kanina. Kung pangahas siya, sinubukan na niyang tuklasin kung gaano kainit ang apoy na ikinukubli nito. Pasalamat na lang si Neala at likas siyang maginoo. Ni minsan ay wala pa siyang pinilit na babae.

But damn! Nakakapanghinayang kung hindi man lang niya malalaman kung ano ang lasa ng halik

nito, ano ang pakiramdam ng balat nito, ang init nito kapag nasa ilalim na niya ito....

Napaayos siya ng upo nang maramdaman ang mabilis na paggapang ng init sa kanyang katawan. Sa wari niya ay nadoble ang temperatura ng tubig. And what was more surprising was the extent of his arousal. He was as stiff as a rod!

He had never felt this heated lust for someone before! And definitely not for someone he had just met.

Sa halip na maalarma ay napailing na lang siya. Mukhang tama si Haring Crion, kailangan na nga niyang mag-asawa.

Odd. Hindi na siya tutol sa ideya.

Pagkatapos maligo ay kaagad siyang nagbihis. Lalabas siyang muli. May pagsasanay ng mga bagong kasapi na sundalo sa mas mababang antas. At kailangan niyang obserbahan kung paano sinasanay ang mga ito ng kanyang mga tinyente.

---

Bilog na bilog ang buwan. nagtatago ang secondary moon na si Yue sa likod ni Qamra. Ang pinagsama nilang liwanag ang tumatanglaw sa buong

Aschelon.

Sa tore ng Gladstone Castle ay nakatayo ang isang pigura. Inililipad ng hangin ang ginintuang buhok ni Maelgar. Hinahayon ng kanyang mga mata ang lupaing nasasakupan ng buong kaharian. Pag-aari na niya ang buong Galathar dahil siya rin si Reyna Lucinda. But this kingdom was not enough. Hindi siya nagbalik makalipas ang ilang taon para makuntento sa ikaapat na bahagi lamang ng Aschelon. She wanted to rule the entire realm. Bagay na hindi niya nagawa noon.

*Hindi na ako mabibigo ngayon. Sa lalong madaling panahon ay mapapasa akin din ang lahat, aniya na nilingon pa ang asawang himbing na natutulog sa kanilang kama.*

Napangisi siya.

Hibang na hibang si Haring Glad sa kanya. Ni hindi na nga ito nagtanong tungkol sa kanyang pinanggalingan at nagdesisyon kaagad na gawin siyang reyna. She didn't even have to cast a spell on him.

*"Luhy!"* nasambit niya.

Hindi pa rin talaga nagbabago ang mga mortal. Madali pa ring utuin.

Hindi pa rin natuto ang mga ito mula sa digmaang sumiklab sandaang taon na ang nakakaraan. Isang digmaan na siya mismo ang nagpasimula.

*“Nakakabahala na ang sunud-sunod na pagpatay na nagaganap,”* sabi ng heneral ng Erranfil na si Druane.

*“Natatakot na ang mga nasasakupan ko. Marapat lang na tapusin na natin ang gumagawa ng mga krimeng ito! Ang mga Zuveris, natitiyak kong sila ang nasa likod ng mga karumal-dumal na pagpatay.”*

*“Hindi tayo dapat magpadalus-dalos, Heneral Druane,”* saway naman ni Haring Croesus ng Thyrian North. Sa tabi nito ay tahimik lamang si Lady Roan na namumuno sa mga Fands.

*“Tama si Heneral Druane. Mapanganib ang mga Zuveris! Hindi natin sila dapat hinayaang mamuhay nang malaya sa Aschelon!”* segunda ni Kendall, noon ay pinuno ng Galathar West, sa sinabi ni Heneral Druane.

*Nagtagis ang bagang ni Haring Croesus.*

*Nagpatawag siya ng pagpupulong na dinaluhan ng mga pinuno ng apat na kahariang bumubuo sa Aschelon: ang Galathar West, Thyrian North, Fands East at Erranfil South. Narito sila upang pag-usapan ang lumalalang pagpatay na hindi nakatuon sa isang*

*kaharian lang kundi nangyayari sa buong Aschelon.*

*Sa Thyrian North pa lang ay halos tatlong pamilya na ang namatay ng isang hindi pa nakikilalang kaaway. Ang higit na nakakabahala ay ang paraan ng pagpatay sa mga ito. Halos gula-gulanit ang katawan ng mga biktima, halos wala nang mga dugo at wala ang mga puso.*

*“Hindi tamang husgahan natin sila nang hindi man lang naririnig ang kanilang panig, Prinsipe Kendall. At wala tayong katibayan na—”*

*“Lady Roan, ano’ng katibayan pa ang hinahanap mo?” putol ng prinsipe. “Sa buong Aschelon ay ang mga Zuveris lang ang may kakayahang pumaslang nang ganoon.”*

*Ang mga Zuveris ay isang lahi ng mga mortal na may kakayahang magbagong-anyo sa isang mala-baka na nilalang. Kapag nasa anyong halimaw ang isang Zuveris ay doble ang laki at lakas nito kaysa karaniwang tao. Lubhang nakakatakot ang anyo ng mga ito kapag nag-iiba ang anyo. Ngunit malaki pa rin ang paniniwala ni Haring Croesus na hindi sapat ang dahilang iyon upang husgahan ang mga ito. Nakakatakot man ang hitsura ng mga ito, kabaligtaran naman niyon ang kanilang mga ugali. Magiliw at hindi palaaway ang mga ito. Alam niya dahil ilang ulit na*

niyang nakasalamuha ang mga ito, mapa-anyong tao o halimaw.

“Tama si Prinsipe Kendall. Una pa lamang ay wala na akong tiwala sa mga halimaw na iyan. At isa pa iyang angkan ng Aer.”

“Hindi naman yata tamang litisin kami nang hindi namin nalalaman?” anang isang tinig na nagmula sa nabuksang malaking pinto.

“Heneral Aerom!” bati ni Haring Croesus sa kaibigan. Napansin din niya sa likuran nito si Heneral Vach, ang pinuno ng mga Zuveris.

“Heneral Vach...” Isang tango ang ibinigay niya bilang paggalang.

“Ano’ng ginagawa ninyo dito? Sino ang nagpatawag sa inyo?” galit na sita ni Prinsipe Kendall.

Nagngalit ang bagang ng dalawang bagong dating, halata ang tinitimping galit.

Pumagitna na si Haring Croesus. “Ako ang nagpatawag sa kanila, Prinsipe Kendall. Mamamayan din sila ng Aschelon. May karapatan silang malaman kung ano ang pinagpupulungan natin. Sa ganitong pagkakataon, kailangan nating magkaisa.”

“Nahihibang ka na ba, Haring Croesus? Sila ang

*kaaway natin!”*

*“Walang basehan ang paniniwala mo, Prinsipe Kendall!”*

*“Si Maelgar mismo ang nagsabi sa akin,” tukoy nito sa isa sa matapat nitong alalay.*

*“Nakita mismo ng kanyang mga mata nang patayin ng isang Zuveris ang isa sa mamamayan namin!”*

*Isang malakas na lagabog ang tumama sa mesa. Halos maglabasan ang ugat sa mga kamao ni Heneral Vach.*

*“Hindi kami mga halimaw! Hindi mamamatay-tao ang kahit sinuman sa aking angkan!” asik nito na naniningkit na ang mga mata sa galit.*

*“At p’ano mo ipaliliwanag ang nasaksihan ng isa sa mga tauhan ko?”*

*“Y’Ja Huay!” sagot ni Heneral Aerom.*

*Lalong nairita si Prinsipe Kendall.*

*“Hindi sinungaling si Maelgar!” Dinuro nito ang pinuno ng mga Zuveris. “Du eba e fayruhanca!”*

*Dumagundong sa apat na sulok ng silid ang galit na sigaw ni Heneral Vach. Sa pagkamangha ng lahat*

ay nagbago ang anyo nito. Ang ulo nito ay napalitan ng ulo ng isang mabangis na baka, matataba at matutulis ang mga sungay na pahugis V. Dumoble rin ang laki ng katawan nito at tinubuan ng makapal na balahibo. Literal na umuusok ang ilong nito sa galit. Namumula rin ang mata nito sa galit.

“Tampalasan ka! Du wuh fed lob dub unyohanca!”

Gusto nitong pagbayarin si Prinsipe Kendall dahil sa sinabi nitong isang salot ang angkan ng mga Zuveris. Bahagya namang napaatras ang prinsipe. Hinugot naman ni Heneral Druane ang espada nito. Si Lady Roan ay naging alerto rin. Ngunit bago pa magtangkang sumugod si Heneral Vach ay pinigilan na ito ni Heneral Aerom at Haring Croesus.

“Heneral Vach, ceht dubyahl!”

Nanalangin si Haring Croesus na sana ang maging kalmado ang lahat. Hindi nila kakayaning tapatan ang lakas nito kahit pa dalawa sila ni Heneral Aerom. At hindi makabubuti kung magpapang-abot ito at si Prinsipe Kendall.

“Huminahon ka, kaibigan! Walang malulutas ang karahasan!” Sinubukan niyang mangatuwiran, na mukhang nagbunga naman dahil unti-unti itong kumalma. Ngunit hindi rin ito nanatili roon para

*makipag-usap.*

*“Wala kaming ginagawang masama,” anito sa makapal at paos na tinig. “Sa maniwala kayo’t sa hindi, ang mga Zuveris ay tahimik na nilalang. Ngunit binabalaan ko kayo. Ayaw namin ng dahas, pero sa sandaling pagmalupitan n’yo ang aming lahi, mapipilitan kaming lumaban,” angil ni Heneral Vach saka walang lingon-likod na iniwan sila.*

*Nagkatinginan na lamang sila ni Heneral Aerom. Isang malinaw na babala ang sinabing iyon ng pinuno.*

*“Nakita mo na, Haring Croesus? Hindi mo na dapat ipinatawag pa ang halimaw na iyon,” sambit ni Heneral Druane.*

*“Hindi ko mapapalagpas ang nangyaring ito.”*

*Napasulyap sila kay Prinsipe Kendall. Nasa mukha nito ang determinasyon.*

*“Duy uy web!”*

*“Prinsipe Kendall!” hindik na bulalas ni Lady Roan. “Hindi tamang magsimula ng isang digmaan laban sa isang Aschelonian.”*

*“Hindi ko sila kauri! At kahit ano pa’ng sabihin mo, Lady Roan... halimaw ang tingin ko sa kanila! Hindi ako manghihinayang na ubusin ang kanilang*

lahi!”

*Padabog na lumabas ng silid ang prinsipe. Pakutya naman silang tiningnan ni Heneral Druane bago sumunod dito.*

*Nanghihinang napaupo si Haring Croesus. Si Lady Roan ay hindi na rin mapalagay. Sa kanilang apat, kilalang mapusok at padalus-dalos si Prinsipe Kendall. Si Heneral Druane ay ganoon din. At ngayong mukhang nasagad na ang pasensya ng dalawa, mahihirapan na siyang pigilan ang puwersa ng mga ito.*

*“Haring Croesus, ano’ng gagawin natin ngayon?”*

*“U mo nor gnow...” Sa unang pagkakataon ay nakadama siya ng kawalang katiyakan.*

*“Nanganganib ang mga Zuveris. Kung desidido sina Prinsipe Kendall at Heneral Druane na maglunsad ng digmaan laban kina Heneral Vach, kailangan ko silang balaan.”*

*Ikinilos nito ang mga balikat. Lumabas ang mga pakpak nitong animo sa isang agila. Nakahanda na itong lumipad palabas ng bintana nang sandali niya itong pigilan.*

*“Paumanhin, Heneral Aerom. Hindi ko inaasahan na...”* aniya.

*Malungkot itong ngumiti at tinapik pa siya sa balikat.*

*“Wala kang kasalanan, mahal na hari. Iniisip mo lamang ang kapakanan ng lahat. Wala kang dapat ihingi ng paumanhin,” anito at saka lumipad palayo sa palasyo.*

*Naiwan silang dalawa ni Lady Roan.*

*“Ano’ng binabalak mo ngayon? Kaninong panig tayo kakampi?” tanong nito.*

*Sinalubong niya ang mga mata ni Lady Roan.*

*“Wala tayong kakampihan. Naniniwala pa rin ako’ng hindi ang mga Zuveris ang ating kaaway. Kailangang mahanap natin ang totoong salarin bago pa maglunsad ng digmaan ang Galathar at Erranfil laban sa mga Aer at Zuveris.”*

*Nagpatangu-tango ang pinuno ng Fands.*

*“Nauunawaan kita. Sabihin mo lang sa akin kung ano ang kailangan mo. Makakaasa kang tutulungan kita.”*

*“Salamat, Lady Roan.”*

*Nagkaroon ng bahagyang pag-asa si Haring Croesus. Kung magmamadali sila ay baka mapigilan*

*pa nila ang napipintong digmaan.*

*Mula sa likod ng mga anino, isang misteryosong babaeng alila ang nagtatago. Malapad ang ngisi nito at ang mga mata ay animo dalawang nagbabagang holen. Wala isa mang nakapansin sa presensya ng misteryosong nilalang.*

*Nakita at narinig ni Maelgar ang lahat. At natutuwa siya sa pinatunguhan ng pag-uusap. Sa wakas ay magbubunga na ang kanyang plano. Kaunti na lamang ang kanyang ipaghihintay. Kapag nag-away-away na ang apat na kaharian... kapag nagsimula silang lipulin ang isa't isa, magiging mas madali na ang pananakop niya sa buong Aschelon.*

*Walang ingay siyang lumabas ng silid gamit ang sikretong lagusan.*

# 4

It happened one hundred years ago.

Bumalik na ang isip ni Maelgar sa kasalukuyan. At ang kaninang ngisi ay napalitan ng pagngangalit ng bagang at panlilisik ng mga mata.

Malapit na niyang makamtan ang tagumpay, kung hindi lang sana umeksena si Myrdin, isang Verndari na nananahan sa kastilyo ng Caeli. He saw through her guise. Natuklasan nito ang ginawa niyang panlilinlang upang pag-awayin ang mga kaharian.

Sa tulong ng mahika, ibinilanggo siya sa loob ng isang prism at itinapon sa kailaliman ng dagat. Hindi sapat ang kapangyarihan niya para basagin ang prism.

Sa loob ng maraming taon, naghintay siya ng pagkakataon para makalaya. Hanggang sa mangyari ang hindi niya inaasahan.

Isang pagsabog ng bulkang nasa ilalim ng dagat ang tumungkab sa prism mula sa mga bato at corals na pinagbaunan nito. Isang malakas na bagyo naman ang nagpalutang at nagdala sa prism malapit sa pampang.

Ikinuyom niya ang dalawang kamay sa galit.

Sandaang taon siyang nagtiis sa kanyang munting kulungan. At ngayong malaya na siya, wala nang makapipigil sa kanyang maghiganti. At hindi rin siya titigil hangga't hindi napapasakamay niya ang buong Aschelon.

Ngunit bago niya muling masimulan ang naudlot niyang plano, may kailangan muna siyang gawin. Kailangan niya ng dagdag na kapangyarihan.

Ang salamangkerong tumalo sa kanya noon ay punong-alagad ng isang makapangyarihang puting engkantada, ang unang pinuno ng Aschelon. Hindi nalalayong may natitira pa na mga kauri nito na maaari na namang tumalo sa kanya. Kailangang itaas pa niya ang antas ng kapangyarihan na mayroon siya. At alam na niya kung saan kukunin iyon.

Tomorrow, she would begin her journey. Ngunit sa ngayon...

Binalikan niya ang asawa na himbing pa rin sa kama. Katulad niya ay wala rin itong saplot sa katawan. Nag-init ang kanyang pakiramdam.

King Glad was an attractive and virile man. He was also not that old. Hindi maitatatwa ang pagkahumaling nito sa kanyang ganda. At paniwalang-

paniwala ito na mahal niya itong talaga.

Katulad ng ginawa niya noon sa ninuno nitong si Prinsipe Kendall, gagamitin din niya ang posisyon ng hari para matupad ang kanyang balak. Ngunit kaiba sa plano niya ngayon, hindi ito kailangang aktuwal na nasa tabi niya. Kailangang mawala rin ito sa lalong madaling panahon.

Too bad. She was beginning to really like him.

Napahagikgik siya bigla.

Kinabukasan ay maaga siyang lumabas ng palasyo sakay ng isang kabayo. Hindi siya nangangambang hanapin ng hari. Naitanim na niya sa isip nito kung saan siya pupunta at kung ano ang gagawin niya.

Narating niya ang dulong-kanluran ng Galathar at tinawid ang mababaw na sapa na nagsilbing hangganan ng kaharian mula sa Dead Valley, isang tuyong kalupaan kung saan walang tumutubong halaman. Kulay itim ang lupa doon at nakapangingilabot ang lugar. Walang Galatharian na nangahas pumunta roon.

Pagdating niya sa mababang burol ay kinailangan na niyang bumaba ng kabayo. Inakyat niya iyon at bumaba sa kabilang panig. Kakailanganin niyang tawirin ang isang lati para marating ang Thorn Forest.

Maelgar uttered a spell. Ang tubig sa lati ay biglang kumulo at mula roon ay umangat ang ilang piraso ng patag na bato at bumuo ng isang tulay.

Isa pa uling orasyon ang sinambit niya at nahawi naman ang makapal na ulap na nakalutang sa swamp.

Tiwala ang loob na tinawid niya ang ginawa niyang tulay.

The thorny bushes seemed to whisper a welcoming remark when she entered the Thorn Forest. Madilim ang gubat at marami siyang naririnig na hindi kaaya-ayang tunog mula sa loob. Sa siwang ng mga matitinik na halaman ay animo may mga matang nagmamatyag sa kanya. Ngunit hindi siya nakadama ng takot.

Sa pamamagitan ng mahika at ng isang piraso ng kahoy ay nagkaroon siya ng sulo. Iyon ang gamit niyang pananglaw sa pagpasok niya sa gubat. Sa bawat paghakbang niya ay animo kumikilos din ang mga matutulis na baging, lumilikha ng isang malayang daan para sa kanya.

Gusto niyang humalakhak. Punung-puno ng negatibong enerhiya ang lugar. At pakiramdam niya ay lalo siyang lumalakas.

Sa pinakapusod ng gubat ay may isang kuweba.

Pinasok niya iyon at binaybay ang makipot at matarik na lagusan pababa. Napahalakhak siya nang marating niya ang kailaliman ng madilim na kuweba. For there, nestled on a stone pedestal lay the Scepter of Erasmus.

“Sa wakas!” naibulalas niya.

Inilabas niya ang punyal na nakasukbit sa kanyang baywang at sinugatan ang kanyang kaliwang palad. Nang makita niyang umaagos na ang dugo ay ikinuyom niya iyon at itinapat sa ibabaw ng itim na kristal na nasa puluhan ng setro.

Para makuha ang kapangyarihan, kailangan niyang ialay rito ang kanyang dugo. Katumbas na rin iyon ng pag-aalay niya rito ng kanyang buhay.

Pinanood ni Maelgar ang pagtulo ng dugo sa kristal, at ang unti-unti niyong pagsipsip sa kanyang pulang likido. The crystal glowed and turned luminescent red; like a smoldering charcoal. The scepter hummed as if coming to life. Kusa iyong lumutang sa hangin. At nang itaas ni Maelgar ang isang kamay ay para iyong isang bakal na hinigop ng magnet.

Umugong sa buong kuweba ang matinis na halakhak ng itim na engkantada nang sa wakas ay

mapasakamay na niya ang makapangyarihang setro.

Bitbit ang setro ay bumalik siya sa palasyo ng hari. Dumerecho siya sa loob ng silid nito. Nang makita niya si Haring Glad ay sinalubong niya ito ng isang mapangahas na halik. Hindi naman tumutol ang hari nang parang hayok niyang pinunit ang suot nitong roba.

Hinila niya ang hari palapit sa kama at itinulak ito pahiga. She straddled him, her pelvis grinded seductively against his lower body. Kagyat ang naging reaksyon ng katawan nito.

Maelgar laughed like a mad woman. She clawed her way from his stomach to his chest and then to his face, meeting his lips, giving him a greedy kiss that was nowhere near passionate.

It was all physical. Kailangan niyang maramdaman ang makamundong kasiyahan dahil hindi pa niya naramdamang ganoon ka... ka-buhay.

She uttered a garbled phrase and their clothes dissolved like flickering ashes from a burning fire. She impaled herself on him recklessly. They both groaned as the sudden union brought pain. But pain, the picture of it... the taste of it... the feel of it... was what made Maelgar complete.

She moved atop him, almost instantly after they were joined. Halatang nasaktan si Haring Glad dahil sa marahas na kilos niya. Bumaon ang mga kuko niya sa laman nito at umalpas ang dugo mula roon.

Ngunit walang sinumang makakapigil kay Maelgar. Dahil ito na ang simula ng muli niyang pagsakop sa kaharian ng Galathar. Eventually, Aschelon would be hers, too....

---

Abala si Neala sa pamimitas ng mga ligaw na baya na tumutubo lang sa paanan ng Bundok Kalnas. Nautusan kasi siyang mamitas ng mga iyon para sa gagawing tinapay ng kusinero.

Hustong napangalahati niya ang dalang buslo nang bigla na lang dumilim ang langit. Sunud-sunod ang pagguhit ng matatalim na kidlat na sinundan pa ng pagdagundong ng malalakas na kulog.

Nagtataka siyang tumingala hustong bumagsak ang pagkalakas-lakas na ulan. Segundo lang ay basang-basa na ang pang-itaas niya. Hinawi niya ang ilang hibla ng buhok na nakadikit sa kanyang pisngi.

Bitbit ang buslo ay nagmamadali siyang sumilong sa isa sa mayayabong na puno. Ilang minuto na siyang nakaupo roon at naghihintay ng paglipas ng sama

ng panahon. Ngunit mukhang walang balak tumila ang ulan na ngayon ay sinabayan na ng malakas na hangin. Daig pa ang biglang pagkakaroon ng bagyo sa daluyong na kinasuungan niya. Tumulongko siya at niyakap ang sarili. Sa lakas ng ulan ay halos bumaha na sa kinalalagyan niya. She was soaking wet and shivering. Naninindig ang lahat ng balahibo niya sa katawan dahil sa ginaw. And the rain had fallen only a few minutes ago. Ano na ba ang nangyayari sa Thyrian at biglang-bigla ay nagbago ang magandang panahon?

Gusto na niyang makipagsapalaran at takbuhin ang loob ng gubat pabalik sa palasyo. Pero nang tangkain niyang tumayo ay nangaligkig siya sa ginaw.

Patay na!

She hugged herself tighter. Pati mga labi niya ay nanginginig na sa ginaw. Kapag hindi pa siya nakaalis doon, mamamatay siya sa lamig.

The endless rain poured, wind howled and lightning flashed across the sky with the occasional drum of thunder. Malapit na siyang mawalan ng ulirat nang makarinig siya ng mga yabag ng paparating na kabayo.

Ipinahanap ba siya ng matron? Nabuhayan siya

ng pag-asa. Pinilit niyang idilat ang mga mata.

A black cloaked figure on a black steed appeared from behind the tall trees. Huminto ito nang makita siya. Sa nanlalabong paningin ay inaninag niya ang bagong dating. Hindi niya ito makilala, dagdag pa na namamanhid na rin ang kanyang buong katawan.

Hindi na maganda ito. She was starting to drift away.

“Neala...” She flinched when she heard Cayden’s voice. Ngunit kahit gusto niyang magsalita, hindi na niya magawa. Parang may mabigat na nakasabit sa talukap ng kanyang mga mata. Hindi niya magawang imulat ang mga iyon.

Nakaramdam siya ng kaunting init dahil sa pagbalabal nito ng suot na kapa sa kanyang basang katawan. Gusto niyang mangunyapit dito nang buhatin siya nito at isinampa sa ibabaw ng kabayo. Sumampa rin ito at niyakap siya.

*“Duh sa oged, Neala. Johm on,”* bulong nito.

Kahit nanlalabo na ang kanyang diwa ay malinaw pa rin niyang narinig iyon. She smiled and leaned back contentedly. Wala siyang duda na magiging maayos ang lahat. Dahil narito na ang binata. At alam niyang hindi siya pababayaan nito.

Holding her limp and cold body made Cayden curse inwardly. Paano na lang kung hindi niya naabutan ang batang alalay ng kusinero na palabas ng palasyo? Paano na lang kung hinayaan lang niya ito at hindi kinausap? Nasa panganib na pala si Neala ay hindi pa niya nalalaman.

Nakalabas na sila ng gubat at tinatawid na ang parang. Niyakap niya nang mahigpit si Neala bago pinitik ang renda ni Arion. Kailangan niyang mapalitan ang basang damit ng dalaga kundi ay mamamatay ito sa sobrang lamig. Kakaiba pa naman itong ulan na bigla na lang bumagsak.

But the storm was the least of his worries for now.

Pagpasok nila sa susunod na tarangkahan ay itinuloy niya ang dalaga sa kanyang pribadong silid. Hindi na kakayaning dalhin pa niya ito sa silid ng mga alipin na nasa mismong palasyo. At sa kung anong dahilan, ayaw niyang ipagkatiwala ang kalagayan nito sa iba.

Itinuloy niya ito sa kanyang silid at inihiga sa kama.

“Patawad, Neala. Pero kailangan kong gawin ito.”

Umungol lang ang babae nang simulan niyang hubarin ang lahat ng saplot nito. Binalewala na lamang niya ang biglang pagragasa ng pagnanasa. Hindi iyon ang oras para sundin niya ang gusto ng katawan.

Binalot niya ang dalaga ng makapal na kumot. Ngunit hindi pa rin huminto ang panginginig nito. Binuhat niya itong muli at inihiga sa makapal na alpombra sa harap ng tsimine. The fire should keep her warmer. Ngunit hindi pa rin siya kuntento. Kinuha niya ang isa pang kumot.

Hinubad rin niya ang lahat ng saplot at nahiga sa tabi nito. Niyakap niya ang dalaga, hinayaang tumawid ang init mula sa kanyang katawan patungo sa katawan nito. Mas mabilis babalik sa normal ang temperatura ng katawan nito sa kanyang ginagawa.

“C-Cayden...” mahinang bulong nito. She sounded a bit dreamy than delirious. Magandang senyales iyon para sa kanya.

Hinigpitan pa niya ang pagkakayakap dito at hinapit pang mabuti ang kumot sa kanilang hubad na katawan.

Nakatagilid siya habang yakap. His face was just inches from hers. Sa ganoong ayos ay malaya

niya itong natitigan. At higit pala itong maganda sa malapitan. Her skin was flawlessly smooth and soft. Pantay ang kulay ng balat nito. And her breasts were just the right size to fit his hands perfectly.

When he removed her clothes earlier, he was more than tempted to span her waist with his hands and to venture deeper behind the triangular patch of soft hair in between her thighs.

Kung gising lamang ang dalaga, siguradong mahihindik ito sa tindi ng pagnanasa niya.

Just one move...

Kung gugustuhin niya ay magagawa niya itong maangkin. Mapapawi niyon ang kasabikan niyang malaman ang pakiramdam ng kumilos sa loob nito.

Cayden felt a different heat, more blazing than the fire inside the hearth.

Neala moved and snuggled closer. Her breasts touched his bare chest and the tickly feeling from her hardened nipples was absolute torment. His manhood twitched painfully, his lustful side wanted to take her then and there. Pero hindi niya ugaling manamantala.

Cayden cursed between clenched teeth.

# 5

Madilim na nang magising si Neala. Tahimik na sa labas, wala na ang malakas na ulan at hangin. Iginala niya ang paningin sa loob ng silid. Fire burning in the hearth continued to warm the room. Lit candlelights illuminated the interior. The room was warm, cozy and spacious.

Wala siya sa silid niya sa palasyo. At lalong wala siya sa sarili niyang silid. Nasaan siya?

Binalikan niya sa isip ang nangyari. Namimitas siya ng ligaw na baya sa gubat nang biglang bumagyo at hindi siya makaalis sa lugar na iyon. Isang lalaki ang tumulong sa kanya.

*Heneral Cayden!*

Bigla siyang napabangon at bigla ring napasinghap. Hubo't hubad siya at tanging ang makapal na kumot lang ang tumatakip sa kanyang katawan.

Hustong natakpan niyang muli ang sarili nang bumukas ang malaking pinto.

“Gising ka na pala,” anang nakangiting si Heneral Cayden. Shadows played on his face. Nakasuot ito ng

itim na pantalon at manipis na pang-itaas na bukas ang ilang mga butones sa may dibdib. She could almost peek at the thin patch of hair dusted across his chest. Bakat sa suot nito ang matipuno nitong katawan.

A strange warm feeling engulfed her, creating goosebumps at her nape. Parang daloy ng kuryente na nagmula sa kanyang dibdib, bumaba at huminto sa kanyang puso.

Napalunok siya.

“S-sino’ng naghubad ng mga damit ko?” Sinadya niyang magtaray upang itago ang kanyang pagkapahiya.

Cayden grinned and stepped closer until his masculine form was looming over hers. His arms akimbo, he shrugged his shoulders.

“Ako,” walang kagatul-gatol nitong sagot.

Parang gusto na niyang mamatay sa kahihyan. Kulang na lang ay itago niya ang sarili sa ilalim ng kumot. Kung ganoon pala ay nakita na nito ang lahat ng itinatago niya.

“Wala kang dapat ipag-alala, Neala. Wala akong ginawang masama sa ’yo. At wala ka ring dapat

ikahiya sa katawan mo. *Ur'y fablar.*”

Impit siyang napaungol. Hindi nito sasabihing perpekto ang kanyang katawan kung hindi siya nito tinitigan. At base sa namimilyong titig nito nang sandali niyang sulyapan, natiyak niyang tama ang kanyang hinala.

His eyes indeed feasted over her body.

“G-gusto ko nang bumalik sa palasyo. Nasaan ang mga damit ko?”

Hindi niya magawang tumingin nang derecho dito. Mangiyak-ngiyak na siya sa pagkasiphayo.

“Masyado nang malalim ang gabi, Neala. At hindi pa lubusang natutuyo ang damit mo.”

Lumapit ito sa isang pabilog na mesa, dinampot ang nakapatong doon at iniabot sa kanya.

“Hindi ka pa naghahapunan. May ihihanda akong pagkain. Sumunod ka sa akin pagkatapos mong magbihis.” Hindi iyon isang pakiusap kundi isang utos.

“Hmp! Mayabang!” bulong niya habang nakatitig sa palabas na binata.

Ngunit ano nga ba ang dapat niyang asahan? Isa

itong heneral ng hukbo ng hari at isang maharlika. Hindi ang tipo nito ang makikiusap sa isang tulad niya.

“Kung di lang kita mahal...” ungot niya saka nagbihis.

Ang hindi niya alam ay naroon lamang sa likod ng nakaawang na pinto si Heneral Cayden. Nakamasid ito sa bawat kilos niya. At narinig nito ang bawat salitang binigkas niya.

Lumabas si Neala makalipas ang limang minuto. Nasa may dining room na ang binata at nakaupo sa pinaka-kabisera ng mesa. May nakaayos nang pinggan at mga kubyertos para sa dalawang tao sa mesa.

Hindi niya napigilang mapasinghap nang pasadahan nito ang kabuuan niya. Halos lamunin na siya ng suot pang-itaas dahil masyado iyong malaki para sa kanya. Hindi na nga niya isinuot ang pantalon na ibinigay nito dahil tiyak namang hindi iyon kakasya sa kanya.

May pilyong ngiti sa mga labi ng binata habang nakatitig sa kanya. Hindi tuloy niya malaman kung ano ang mali sa kanyang ayos. Sinuklay niya ng mga daliri ang mahaba at nakalugay na buhok.

Tumayo ito at hinila ang silyang uupuan niya.

“Yur!”

Bahagya na namang nanulis ang nguso niya.

*Kung makautos naman ang lalaking ito!*

At dahil hindi siya puwedeng magreklamo ay umupo na lamang siya.

“Kumain ka na!” Ngani-ngani na niya itong irapan sa sinabi nitong iyon.

Sa kabilang banda, nakakakilig ang pag-aasikaso nito sa kanya. Ito pa mismo ang naglagay ng pagkain sa kanyang plato.

“N-nasaan nga pala ang mga kasambahay mo?” aniyang hindi tumitingin dito. Alam niya kasing nakatitig sa kanya ang binata. And she just couldn't meet his smoldering gaze. Nanginginig ang mga tuhod niya.

“Kung maghapon din lang akong narito sa bahay ay mas gusto kong mag-isa lang ako.”

“Para malaya kang makapagdala ng mga babae dito?”

Now, why the hell did she say that?

Bigla siyang napaubo at pagkatapos ay pangiwing sumulyap dito. Kunot ang noong nakatingin sa kanya ang lalaki. Halos magdikit na ang makakapal nitong kilay.

Nakagat niya ang pang-ibabang labi.

“Babae? Kanino mo naman nalaman na nagdadala ako ng babae dito sa bahay ko?” seryosong tanong nito.

Gusto na niyang mamaluktot sa kinauupuan. “A-ano, kasi...”

*Ano ka ngayon, Neala?* Lihim niyang namura ang sarili. Kung minsan talaga ay walang preno ang matabil niyang dila.

“I-iyon lang ang naririnig ko s-sa ibang mga tauhan sa palasyo.”

Umarko ang isang kilay nito. “Pinagtsi-tsismisan ako ng mga taga-palasyo?”

“N-naku, hindi! M-marami lang kasi ang interesado sa buhay mo.”

“Bakit naman?”

“Siyempre! Isa kang heneral. At guwapo pa. Maraming babaeng nagkakagusto sa iyo.”

“At isa ka ba sa mga babaeng iyon?”

Lumipad ang tingin ni Neala sa mukha ng kaharap. “H-hindi.” *Hindi kita gusto. Mahal kita.*

Siyempre hindi niya masasabi iyon sa binata. Agad na siyang nagbaba ng mukha upang hindi makita ang reaksiyon nito.

---

Cayden could no longer hide his amusement. Tumaas ang isang sulok ng bibig niya sa isang na ngiti.

“Talaga? Hindi mo ako gusto?” panunukso pa niya.

Kung hindi niya narinig ang sinabi nito kanina sa loob ng silid ay baka mainsulto siya. Pero dahil bago pa man ay nalaman na niyang higit pa sa pagkagusto ang damdamin nito sa kanya, pakiramdam niya ay ang taba-taba ng kanyang puso.

Hindi niya alam kung ano ang mayroon ang dalaga at sobra siyang nag-aalala rito. Kanina nga lang na nalaman niyang naiwan ito sa loob ng gubat sa gitna ng isang malakas na bagyo ay halos sumabog ang dibdib niya sa takot. Ni hindi na nga siya nag-isip, hindi na inalala ang sariling kaligtasan. All he wanted to do was find her and keep her safe.

Mahalaga sa kanya si Neala.

“H-hindi...” tanggi nito.

Pinasok ng kalokohan ang utak niya. Ewan ngunit nasisiyahan siya sa panunukso rito.

Yumuko siya at biglang hinawi ang ilang hibla ng buhok nito. He tucked it behind her ears. Napasinghap ito sa pagdantay ng daliri niya sa balat nito. Hindi pa siya nakuntento, hinaplos niya ang pisngi nito hanggang sa baba. Bumaba pa ang daliri niya sa gilid ng leeg ng dalaga at naglandas hanggang sa kanang balikat.

Her breath became labored. Naging mabilis ang pagtaas-baba ng dibdib nito. His gaze unconsciously went down to her breast.

Makapal ang pang-itaas na suot nito. But still, her hardened nipples strained against the fabric. Sa bawat pag-alon ng dibdib ng dalaga ay natutukso siyang damhin ang kayamanang nakabakat sa suot nito. She was clearly on fire, as aroused as he was.

“Uhm, t-tapos na akong kumain,” anito na binirahan agad ng tayo. Dahil sa nerbyos ay nakakalimot na ito ng tamang asal sa harap ng isang mataas na opisyal ng palasyo.

At kaunti na lang, bibigay na siya sa tuksong parusahan ito. His hands began to itch, just thinking of how he would take pleasure in touching her, feeling her soft body against his...

“Nasaan ang mga damit ko? Baka puwede na akong umuwi.”

“Basa pa nga. Gusto mo ba talagang magkasakit?”

Para itong dagang nasukol na patuloy ang pag-atras sa tuwing aabante siya. Muntik na siyang bumunghalit ng tawa nang impit itong mapadaing, nang tumama ang likod nito sa batong dingding. Hindi ito magkandatuto sa kaiiwas ng mukha nang ikulong niya ito sa pagitan ng kanyang mga braso.

“H-hindi ako dapat manatili rito. Ano na lang ang sasabihin ng mga tao tungkol sa 'yo kung...”

“Pinag-uusapan na nila ako, di ba? Ano pa ang ikakabahala ko? At isa pa, wala naman tayong ginagawang masama.”

Hindi ito nakasagot. Muli ay nakagat nito ang pang-ibabang labi.

“Natatakot ka ba sa akin, Neala? Kaya ba nagmamadali kang makaalis sa poder ko?”

She let out a nervous laugh. “B-bakit naman ako

matatakot sa 'yo?"

“Dahil nagsinungaling ka nang sabihin mong hindi mo ako gusto. Kung hindi ka natatakot, bakit hindi ka makatingin nang derecho sa akin?”

“E-eh kasi...” She bit her lower lip again.

Inilapit pa niya lalo ang mukha sa mukha nito; naaaliw sa pagkabalisa nito. Halos magdikit na ang kanilang mga labi. The desire was too strong; Cayden felt his control slip away. When she opened her mouth to say something, he silenced it with a quick peck, that later turned into a hot, soul-shaking caress.

“C-Cayden...”

Naramdaman niya ang bahagyang pagtulak ng babae sa kanyang dibdib. Parang ayaw pa niyang humiwalay rito. Gusto niya ang halik nito, higit pa sa pinakamasarap na alak na natikman niya. Daig pa niya ang isang lasing.

He took her mouth again. This time, he kissed her with all his pent-up hunger. He had never tasted lips as sweet as hers. At gusto niyang simsimin ang lahat ng tamis nito.

“C-Cayden, *fhaeya...*”

Ang takot at nakikiusap nitong tinig ang

nagpabalik sa kanya sa tamang pag-iisip.

Mabilis niyang binitawan ang dalaga, tumalikod at marahas na sinuklay ng mga daliri ang hanggang balikat na buhok. Puno ng tensyon ang kanyang katawan. Malalim ang paghugot at pagbuga niya ng hangin upang pahupain ang rumaragasang pagnanasa.

Ang dalaga naman ay nakasandal lang, tahimik at kipkip ang dibdib. Dinig din niya ang paputul-putol nitong paghinga.

Ilang minuto rin silang nanatiling ganoon. Saka lamang niya hinarap ang dalaga nang akala niya ay kaya na niyang kontrolin ang nagwawalang pagnanasa sa katawan. He avoided looking straight at her. Ngunit pakiramdam niya ay isa itong magnet na hinihigop siya palapit.

“Bumalik ka na sa silid para magpahinga. May sariling banyo ang silid. May nakahandang tubig at sabon kung kailangan mo.”

“S-saan ka matutulog? Silid mo ang inookupa ko, di ba?”

Nilingon niya ito at ilang segundong tinitigan. Her lips were still sore and moist from the torrid kiss they just shared. Umurong siya dahil baka matukso

na naman siyang halikan ang dalaga.

“May isa pang silid ang bahay na ito, Neala. Huwag mo akong alalahanin.”

“P-pero... puwede naman tayong magpalit ng silid.”

“Walang dapugan sa kabilang silid. Hindi ka magiging komportable dahil giginawin ka lang.”

“Paano ka?”

His heart swelled inside his chest because of her apparent concern.

“Huwag mo akong alalahanin.”

“C-Cayden...” habol nito nang tumalikod siya.

“*Wuhm du falab der u y’hef wud du?*” Subok lang naman ang tanong na iyon. Ngunit kung papayag nga itong magtabi na lang sila sa kama ay hindi niya iyon palalagpasin. But her reaction told him otherwise.

Napaatras ito at namimilog ang mga matang nakatitig lang sa kanya. He took it as a *no*.

“Pumasok ka na sa silid. Bukas na lang tayo mag-usap muli.” Bahagya siyang yumukod. “Magandang gabi, Neala.”

Iniwan na niya itong nakatulala pa rin.

Paglabas ay nagtuloy siya sa kuwadra. Naging alerto ang inaantok nang binatilyong tauhan nang makita siya. “Lalabas po ba kayo, Heneral Cayden?”

Nang tumango siya ay mabilis na nitong inilabas si Arion. Ikinabit nito ang sintadera bago ipinasa sa kanya ang kabayo.

Gumawa ng ingay si Arion nang sumakay siya, halatang hindi natutuwa sa pagkagambala niya sa pamamahinga nito. Kabisado na niya ang ugali ng alaga.

He took off with amazing speed when he snapped the reigns.

Sa talampas ng Zerai siya nagtungo. Nang marating ang lugar ay bumaba lang siya ng kabayo at hinayaan itong malayang gumala sa paligid. Humihingal na ibinagsak niya ang katawan sa damuhan.

Ang lakas ng tibok ng puso niya. Daig pa niya ang isang balisang kabayo. Ganoon talaga kapag hindi na kayang kontrolin ang init ng katawan. He was still just as hard as the minute he walked away from Neala.

God, he longed for her! He wanted her, needed her... badly!

Hindi niya kayang pakibagayan ang ganito katinding paghahangad. Hindi niya inaasahang makakatagpo siya ng isang babaeng makapagpapadama sa kanya ng ganito.

Sumigaw siya nang malakas. The sexual tension gnawed his insides. Not even the frigid late night air could smother the fires of lust burning deep. And no abundance of ambrosia could alleviate the hunger he felt for her.